

1

“Dahan-dahan sa inilalagay mong asin, Barang,” paalala ni Aling Guada sa kasamahang katulong sa *Hacienda Duarte*. Abala ito sa paghihiwa ng karne kaalinsabay ng pagbibigay ng utos sa ibang katulong sa kusina. “Josie, ayusin mo ang niluluto mong patatas. Hindi dapat masobrahan ’yan sa luto....” Halos hindi magkandaugaga ang apatnapung taong gulang na babae dahil ito ang naatasan ng mga Duarte na maghanda ng pagkain para sa kasayahan sa araw na iyon.

Alas diez na ng umaga. Ilang oras na lang at darating na ang kaisa-isang anak nina Don Enrique at Doña Rosita mula sa tatlong taon nitong pag-aaral sa Amerika. Si Nicolas Duarte ay uuwi na kaya excited ang lahat at natataranta sa paghahanda upang maging masaya at maganda ang pagsalubong sa binata.

Bukod sa kusina ay nagkakagulo rin sa harap ng mansyon. Nakapaskil sa mismong gate ang malaki at malinaw na streamer na may nakasulat na *Welcome Home, Nick!* May mahabang mesa na paglalagyan ng mga pagkain para sa darating na mga bisita; may

maliliit na mesa at mga upuan sa isang banda at sa di-kalayuan ay nakahilera ang nagluluto ng lechon.

Lahat ng iyon ay hindi nakalampas sa atensyon ni Lily Sarmiento, ang labing-siyam na taong gulang na kaisa-isang anak ni Aling Guada. Sa kabila ng kaguluhan ay tahimik lang siyang naghiihiwa ng isang tumpok na sibuyas. Paminsan-minsan ay naluluha siya kaya pupunasan niya ang mga mata.

Kung pagmamasdan ang dalaga ay tila hindi siya nababagay sa kusina dahil sa angking kagandahan. Mestiza siya sa brownish na mga mata, matangos na ilong at mamula-mulang kutis. Sa kabila ng simpleng suot na t-shirt at jeans ay mukha pa rin siyang anak ng isang mayamang haciendero.

Marami ang nabibigla kapag nalalaman nilang anak siya ng isang simpleng katulong sa *Hacienda Duarte*. Wala siyang kaarte-arte sa katawan upang sadyaing linlangin ang mga tao sa tunay niyang katayuan sa buhay. Makikita sa kanya ang dignidad sa pagdadala sa sarili nang may pagmamalaki at sa likas na katalinuhan na maaninag sa direktang mga titig niya kaninuman.

“Anak, bilis-bilisan mong tapusin ’yan,” baling ni Aling Guada sa maluha-luhang anak. “Saka ka na lang mag-iiyak pagdating ng kababata mong si Nick!”

Masakit man ang mga mata sa kahihiwa ng sibuyas ay napangiti siya sa biro ng ina. “Inay naman. Bakit ko naman iiyakan ang pagdating ni Nick?”

“Sus! Kunwari pa ang anak ko,” buwisit nito. “Mukhang kalmante pero sa loob-loob ay nais mo nang lumabas sa may bakuran upang abangan si Nick, hindi ba?”

Yumuko si Lily nang maramdamang namumula ang kanyang magkabilang pisngi. Nagkunwari siyang abala sa ginagawa. “Tatlong taon nang wala si Nick, Inay. Marami na ang nagbago. Baka nga hindi na ako kilala n’on,” mahina niyang tugon.

“Imposible, Ineng.” Napailing si Aling Guada sa narinig na pag-aalinlangan ng anak. “Aba’y mga bata pa lang kayo’y magkaibigan na kayo. Halos hindi kayo mapaghiwalay. Maraming nakakalimutan ang tao pero hindi ang kabataan.”

“Pero hindi na maibabalik sa dati ang pagkakaibigan namin, Inay,” malungkot niyang sabi. “Malay ninyo, iba na ang ugali niya. B-baka may American accent na ’yon. Baka hindi na marunong kumain ’yon nang nagkakamay,” seryoso niyang reklamo.

“Ano naman ang problema roon?” takang tanong

nito. “Kapag kinausap ka ng Ingles ng kababata mo’y birahan mo rin ng Ingles. Ano pang scholar ka ng unibersidad ninyo kung hindi kayo magkaintindihan ni Nick?”

“Inay talaga!” Natatawa na si Lily. Gumaan ang pakiramdam niya sa pagbibiro nito. Maraming pagkakataon sa buhay nila ang napapagaan sa pagpapatawa—nang abandunahin sila ng kanyang itay noong limang taon pa lang siya, noong kailangan kumayod ng inay niya upang mabuhay silang dalawa, noong maging tampulan sila ng tsismis ng buong baryo sa pagsama ng ama sa isang batambatang prostitute. Sa lahat ng mabibigat na problema ay magkasama sila ni Aling Guada. Masaya silang dalawa kahit na paminsan-minsan ay nagkukulang sila sa pera lalo na noong tumuntong siya sa kolehiyo. Naging madali sa kanila ang gastusin sa pag-aaral niya nang maging scholar siya. Ngayon ay nasa fourth year na siya sa kursong Business Management; malapit na siyang makapagtapos at maaaring maiahon na niya ang ina sa kahirapan.

Marami siyang nais patunayan sa sarili at sa mga taong nang-uuyam sa sinapit nila. Patutunayan niya sa iresponsableng ama na kaya nilang mabuhay nang wala ito; patutunayan niya na ang pinakamalaking pagkakamali nito ay ang pag-iwan sa kanila at sa

pagsama nito sa isang prostitute.

Malaki ang atraso ni Toto Sarmiento sa kanilang mag-ina. Ibinenta nito ang maliit na bahay at lote nila bago tumakbo kung saan kasama ang kalaguyo nito. Batang paslit pa lang siya noon pero alam na niya kung gaano kasakit sa ina ang ginawa ng mabisyong ama. Naiwan silang walang suporta at proteksyon kaya napilitang mamasukan ang ina bilang katulong sa *Hacienda Duarte* sa pagmamagandang-loob ni Don Enrique Duarte, ang ama ni Nick. Sa lahat ng pangyayari ay nakuha nilang mag-ina na tawanan ang dapat iyakan. Ipinagmalaki niya ang ina sa pagiging malakas nito; magiging masaya siya kung mapapatunayan niya sa sarili na matibay rin ang kanyang loob tulad ni Aling Guada.

“Alisin mo ’yang simangot mo, Anak,” utos ni Aling Guada. “Bilisan mo ’yan para matapos ka na. Pagkatapos ay magbihis ka na para makapag-abang ka sa ibaba.”

“Hindi na ho ako sasalubong,” mabilis na tanggi ni Lily. “Dito na lang ako sa kusina.”

“Huwag mong sabihin na pinapaandar mo na naman ang hiya mo? Akala ko ba’y wala ka n’on?” Pinamaywangan siya nito.

Binilisan niya ang ginagawa. “Tutulungan na lang kita rito. Marami kang ginagawa—”

“Kami na ang bahala rito, Lily,” sabad ng isang katulong na si Josie.

“Oo nga,” dagdag ng medyo tabaing si Barang. “Balitaan mo na lang kami kay Nick. Baka lalong gumuwapo ’yon.”

“Eh, ano naman sa ’yo kung lalong gumuwapo si Nick?” nakataas ang isang kilay na tanong ni Josie.

Humagikgik si Barang na parang kinikilig. “Baka sakaling mapansin na niya ako. Aba, gumanda na yata ako!” pagmamalaki nito dahil bahagya na itong namayat mula nang magdalaga. Dati ay mataba at puno ng pimples ang mukha nito.

Narinig ng isang binatilyong tauhan ang sinabi nito. “Ilusyanada ka na pala, Barang!” buska nito habang inilalapag ang isang tangke ng LPG sa kusina. “Hindi ang tulad mo ang papatusin ni Nick. Baka ako’y mapagtiyagaan pa kita.” Kumindat pa ito sa babae.

Umirap si Barang. “Mayabang ka talaga, Tonyo. Kahit magpakatandang dalaga na lang ako, hoy! Balak ko yatang magkaroon ng mga anak na tao, hindi mukhang multo na tulad mo,” insulto nito.

“Magsitigil na nga kayo.” Nagpipigil matawa si Aling Guada sa buskahan ng dalawa. “Hala, marami pa tayong trabaho.”

Natatawa rin si Lily pero minabuti niyang itago ang amusement pagkakitang napipikon si Barang. Maituturing na niyang pamilya ang mga ito; ang mga katulong na kasing-edad niya ay kanyang mga kapatid, ang matandang hardinero na si Mang Gusting ay ang kanyang lolo, ang mga auntie at uncle niya ay ang kasing-edad ng ina na kasama sa hacienda. Wala man siyang ama ay may malaki naman siyang pamilya roon. Hindi niya ipagpapalit ang isang daang Toto Sarmiento sa mga ito.

“Josie, Barang, tama na muna ang daldalan,” pagbabawal ni Aling Guada. “Ayusin ninyo ’yang niluluto.”

“Inay, huwag ka ngang masyadong taranta rian,” naiiling na sabi niya. Kung makakilos ito ay parang sariling anak ang darating gayung si Doña Rosita ay kalmante lamang na naghihintay.

“Ineng, kung hindi ako magmamadali’y baka dumating si Nick at ang ibang bisita na wala pang naluluto.” Mukhang harassed na ang matandang babae.

“Si Nick lang naman,” bulong niya.

Narinig nito ang sinabi niya. “Kababata mo ’yon pero amo pa rin natin. Josie, nasusunog na ’yang ginigisa mo!” baling nito sa isa pang katulong.

Iyon ang dahilan ng pag-aalinlangan ni Lily sa nalalapit na pagkikita nila ni Nick. Amo nila ang binata, anak at tagapagmana ng *Hacienda Duarte*. Kailanman ay hindi naging issue ang pagkakalayo ng estado nila sa buhay. Para sa kanya, si Nick ay ang best friend niya, ang tagapagtanggol at kakampi sa bawat pakikipag-away niya sa mapanuksong kapwa bata.

Hindi madali sa kanya ang kabataan niya. Naging tampulan siya ng tukso sa eskandalong pinasok ng kanyang ama kaya hindi siya palakaibigan noon. Nagbago ang lahat nang pumasok sa buhay niya ang anak ng kanilang amo.

Napapangiti siya sa tuwing maaalala ang nakaraan—ang madalas niyang pakikipag-away kung saan ay nadadamay na rin si Nick; ang paglalagalag nila sa hacienda bilang dalawang batang malilikot kung saan ay inaakyat nila ang lahat ng puno at naglalaro sa maputik na parte ng sapa. Para silang magkabilang parte ng isang bunga; kung wala ang isa ay parang may kulang. Halos hindi sila naghihiwalay.

Kung nasaan ang isa ay naroon din ang isa; kung ano ang gusto ng isa ay gugustuhin na rin ng isa. Ang kaaway niya ay kaaway ni Nick. Kapag nalulungkot ito ay malungkot na rin siya. Hindi na niya kailangang itanong ang dahilan ng kalungkutan nito. Makita lang niya na tahimik ito ay hindi na siya magdadaldal.

Buong buhay niya ay si Nick ang tanging naging tunay niyang kaibigan. Hindi ito nagtatanong tungkol sa kanyang ama pero alam niyang galit din ito rito katulad niya. Blind loyalty—iyon ang maaasahan niya sa binata sa lahat ng oras.

Ngunit maaaring nagbago na ang lahat. Tatlong taon itong nawala at sa panahong iyon ay nagbago na rin siya. Mas aware siya sa katayuan niya sa buhay bilang anak ng isang tauhan sa hacienda. Ilang araw rin siyang naging miserable sa posibilidad na hindi na dating Nick ang makakaharap niya. Sa pagkatakot marahil ay napanaginipan niya ito.

Dumating na raw ito sa *Hacienda Duarte* ngunit ibang-iba na ang hitsura at pag-uugali. Ang itim na itim na buhok ito ay kulay pula, may nose ring at tattoo ito sa buong katawan. Tinawagan pa raw niya ang kababata at tinangkang biruin ngunit hindi siya nito pinansin; parang hangin lamang siya sa tabi nito at ang pinakagrabe ay hindi niya maintindihan ang

mga salitang pinagsasabi nito. Laking pasasalamat niya nang magising siya mula sa pinakamasamang panaginip sa tanang buhay.

Nang ikuwento niya sa kaibigang si Celia ang panaginip ay tinawanan lang siya nito; sinabi rin nito na masyado raw siyang nagpapanood ng TV at rock concerts. Hindi niya nakuhang matawa dahil natatakot siyang magkatotoo nga ang panaginip. Malay niya kung gaano ang naging impluwensya ng Amerika sa kababata.

“Hoy, Anak, napatanga ka na riyan,” pansin ni Aling Guada kay Lily. “Mabuti pa’y magbihis ka na. Ako na ang tatapos riyan sa ginagawa mo.” Napansin nitong kinakabahan siya.

“Hindi ho—” Nagsimula siyang tumanggi pero itinulak na siya ng ina palabas ng kusina.

“Ayusin mo ang ’yong sarili. Baka ihagis ka ni Nick sa sapa kapag amoy-sibuyas ka!”

Napangiti si Lily sa biro nito. Matutuwa siya kung gagawin ni Nick ang sinabi ng ina dahil doon ay mapapatunayan niyang walang nagbago sa kanila.

2

“Lillian, saan ka pupunta?” matigas na tanong ni Doña Rosita nang mamataan nito ang papalabas na dalaga.

Mula sa kusina ay napilitang tumigil sa mabilis na paglalakad si Lily pagkarinig sa aristokratang tinig ni Doña Rosita—ang itinuturing na kontrabida ng mga tauhan sa *Hacienda Duarte*.

“Bakit ho, Señora?” Humarap siya sa matandang babae. Maituturing itong magandang babae, aristokrata ang mukha at mas matangkad sa ordinaryong Pilipina. Mukha itong mestizang Kastila. Sa kabila ng kagandahang panlabas ay napakasama ng ugali nito sa mahihirap na tauhan ng hacienda kaya lihim itong kinaiinisan ng lahat, kabaligtaran sa pagmamahal at respeto na ibinibigay ng mga ito kina Don Enrique at Nick.

“Wala na bang trabaho sa kusina, Lillian?”

Tinawag na naman siyang ‘Lillian’ gayung halos lahat ng tao sa hacienda ay ginagamit ang palayaw niyang ‘Lily.’ Kung minsan ay ipinagpapasalamat niya sa Diyos na hindi nagmana ng ugali si Nick sa ina

nito. Ang kababata niya ay mabait, palakaibigan at mapagkumbaba sa kahit sino, mayaman o mahirap. Hindi ito mag-aatubiling tumulong sa taong nangangailangan. Ganoon din si Don Enrique dahil palaging bukas ang mga kamay nito sa mahihirap.

Ibang klase si Doña Rosita. Ito ang tipo ng tao na may multiple personality. Kapag ang kaharap nito ay isang taong kasing-yaman nito ay maamo itong tupa samantalang nagiging mabangis na tigre kapag isang mahirap na tao ang nakakausap. Kadalasan, naglilibot ito sa hacienda na nakapamaywang habang nagbibigay ng utos sa kung sinumang pobreng tao. Walang nakakaligtas sa mapanuri nitong mga mata. Pati ang inay niya ay napag-iinitan din nito ng ulo. Alam niyang kung hindi lang kay Don Enrique ay matagal na silang napalayas sa hacienda katulad ng matandang labandera na si Aling Tinay.

Si Aling Tinay ay minsang nagkamali nang mapunit nito ang mamahaling damit ng doña sa paglalaba. Maliit ang pagkakamali ng matanda na pinalaki nang husto ni Doña Rosita. Hindi nito inintindi ang matagal na panahong pinanilbihan ni Aling Tinay dahil walang pag-aatubiling napalayas ito.

“Wala na ho kasi akong gagawin sa kusina,”

matipid niyang sagot sa tanong ng matandang babae.

“Kung ganoon ay tapos na sila sa pagluluto?” Bahagya itong nakangiti pero hindi iyon umaabot sa mga mata.

Pinilit niyang ngumiti. “Malapit na ho. Huwag ho kayong masyadong mag-alala, matatapos sila sa tamang oras.” Aalis na sana siya nang muli itong magsalita.

“Sandali lang. Hindi pa kita pinapaalis,” matigas na sabi nito.

Nagkuyom ang mga kamay niya sa kanyang likuran. Naalibadbaran siya sa tuwing kausap niya ito; pakiramdam niya ay isa siyang insekto na nasa ilalim ng obserbasyon nito. “Ano ho ang kailangan ninyo sa akin?” tanong niya sa naiinip na boses.

“Kung hindi pa tapos ang trabaho sa kusina ay tumulong ka,” sagot nito. “Mas maraming kamay, mas madali ang trabaho. Ayoko ang nagmamadali. Saan ka ba pupunta, ha?”

Balak niyang magbihis muna pero minabuti niyang huwag na lang para hindi siya mapagsabihan nito. “Tutulong ho ako sa pag-aayos sa bakuran,” kaswal niyang sagot. “May problema ho ba roon?”

Lihim na nagtagis ang mga bagang ni Doña Rosita sa lakas ng loob ng anak ng katulong na tingnan ito nang direkta. Kung makaasta si Lillian ay parang walang kinatatakutan maski na ang kaharap ay mismong amo. Hindi sanay si Doña Rosita sa isang hamak na tauhan na taas-noong nakikipag-usap dito. Kung tutuusin ay palaging magalang ang pakikiharap ng dalaga rito pero pakiramdam ng matandang babae ay nang-uuyam siya. “Marami nang nagtatrabaho sa labas, Hija. Sa kusina ka na lang.”

Nadismaya si Lily dahil hindi siya makakasalubong kay Nick. “Ang sabi kasi ni Inay—”

“Sino ba ang amo mo, Lillian?” malamig ang boses na tanong nito. “Ako o ang inay mo?”

Gusto niyang itanong kay Doña Rosita kung may amnesia ba ito para tanungin pa siya nang dumating ang isang sosyal at mukhang mayaman na babae.

“Tita Rosita, ano na naman ba ang ikinagagalit mo?” malambing na tanong ng babae. “Gusto mo bang tumanda kaagad?” Humalik ito sa pisngi ng doña.

“Katie, Hija!” Mabilis na napalitan ng matamis na ngiti ang kunot-noo nito. “Mabuti at nakarating ka. Kasama mo ba ang ’yong papa?”

“Yes, Tita. Hindi namin palalampasin ang pagkakataon na makitang muli si Nick.”

“Matutuwa si Nick pag nakita ka niya.” Malambing na rin si Doña Rosita.

Napabuntunghininga nang lihim si Lily nang muli ay magkumustahan ang dalawa tungkol sa hacienda, sa negosyo pati na sa latest beauty parlor na madalas nilang puntahan. Hindi na siya makatiis sa plastikan ng dalawa. “Señora, wala na ba kayong sasabihin?” Nakangiti siya pero sa loob-loob ay nais na niyang pag-untugin ang dalawa.

“Oh, I’m sorry, Tita. Nakakaistorbo pala ako,” mabilis na sagot ni Katie nang mapansin ang dalaga. Lumakad ang tingin nito sa kanya mula ulo hanggang paa.

“It’s okay, Katie,” salo nito. “Anak lang ng katulong ang kausap ko.”

Anak lang ng katulong. Minaliit siya ni Doña Rosita sa harap ng isang bisita. Nasaktan siya pero nakuha pa ring kontrolin ang sarili. Dapat ay matagal na siyang nasanay o namanhid sa mga parinig na insulto nito. Kahit noong bata pa siya ay naramdaman niyang mabigat na ang dugo nito sa kanya. Sa tuwing maglalaro sila ni Nick ay tumatakas sila;

hindi ito nagpapaalam sa ina dahil mahigpit nitong ipinagbabawal ang sumama sa kanya.

“Tita Rosita, ano ba ang balak mo pagdating ni Nick? Hindi ba kayo magdaraos ng welcome party sa Maynila?” excited na tanong ni Katie.

“Well, marami tayong kaibigan sa Maynila kaya nararapat—”

Tumikhim ang naiinis na si Lily pagkakitang matatagalan pa ang bidahan ng dalawa. “Excuse me ho, Señora. Ang anak ng katulong ay naghihintay sa utos ninyo,” sarkastiko niyang pahayag.

Pinamulahan ng mukha ang aristokratang babae. “Bumalik ka na sa kusina,” utos nito. “May reklamo ba?”

“Wala, Señora.” Mahirap lunukin ang pride pero kinakailangan. Hindi makakabuti sa kanyang inay na sagutin niya nang pabalang ang amo nila. Kung siya ang masusunod.... Huminga siya nang malalim para kalmantehin ang sarili. “Wala na ho kayong iuutos?” matamis niyang tanong.

“Dalhan mo ng juice si Katie sa sala.” Tumingin ito sa katabi. “Ano ang gusto mong merienda, Hija?”

Kumurap-kurap ang babae. “I’m on a diet, Tita,”

nakangiwi nitong sagot. “Ayokong masira ang figure ko. Darating pa naman si Nick.”

Figure? sarkastikong sabi ni Lily sa isip. *Anong figure? Halos buto’t balat na lang ito.* Ang alam niyang type ni Nick sa isang babae ay iyong may mga kurba sa tamang parte ng katawan, hindi deretsong tabas na tulad ni Katie!

“Ano ngayon ang gusto mo, Hija?” tanong ni Doña Rosita.

“Iced tea na lang, Tita.”

“Iced tea na lang,” bubulung-bulong na panggagaya ni Lily sa maarteng bisita. Kung naroon si Nick ay baka natawa na rin ito sa artificial eyelashes na ikinukurap ng babae.

“May sinasabi ka ba, Lillian?” nagsususpetsang tanong ng doña.

“Naku, wala ho!” painosenteng tugon niya. “Kukuhanan ko na siya ng iced tea?”

Tumango ito.

Nagsisimula na siyang tumalikod pabalik ng kusina nang muli siyang tawagin ni Doña Rosita. “Yes, Señora?” Kinabahan siya nang makitang may bahagyang kasiyahan sa mga mata nito.

“Gusto kong sa kusina ka lang. Ayokong nakikita kita sa labas,” matipid na utos nito.

Hindi na niya kailangang itanong ang tunay na dahilan ng pagbabawal nito. Malinaw pa sa sinag ng araw ang ipinaparating nitong mensahe: isa siyang hamak na anak ng katulong kaya wala siyang karapatang makipagkaibigan sa anak nito. Pakiramdam niya ay nanikip ang kanyang dibdib sa labis na sama ng loob.

“Did you hear me, Lillian?” ulit ng matandang babae.

Tumango siya. “M-malinaw, Señora,” taas-noo niyang sagot pagkatapos ay tinalikuran na ang dalawa.

Alas doce ng tanghali. Nagre-relax na ang mga katulong kasama si Aling Guada sa kusina pagkatapos magluto nang humahangos na dumating si Tonyo.

“Paparating na si Nick!” excited na balita nito.

“Talaga?” sabay na tanong nina Josie at Barang.

Tumango si Tonyo. “Namataan na ang kotse ni Señor.”

Napangiti si Aling Guada. “Aba’y kailangan na nating bumaba sa bakuran para makikumusta!” masayang pahayag nito.

Sa kabila ng kasiyahang nadama ni Lily sa ibinalita ni Tonyo ay nakuha pa niyang ipagpatuloy ang paghuhugas ng plato. Nagsitigil na ang lahat sa pagtatrabaho sa kusina pero hindi siya. Nais niyang ibuhos ang sama ng loob sa paglilinis ng kusina. Lahat ng maruming plato at kaldero ay hinuhugasan niya. Bawat kiskis niya sa mauling na kaldero ay ini-imagine niyang pagmumukha iyon ni Doña Rosita. Sa kanyang pagkagalit ay hindi niya napansin na pinagmamasdan siya ng ina. Hindi rin niya namamalayan na kamuntik na niyang mabasag ang mga plato sa pagdadabog niya.

“Lily, iwanan mo na ’yan,” mahinang sabi nito.

“M-mauna na kayo, Inay. Susunod na ako.” Naiiyak na siya. Mahirap magtimpi ng sama ng loob dahil pakiramdam niya ay sasabog ang kanyang dibdib. Pero ayaw na niyang ikuwento pa sa ina ang nangyari sa sala. Mas mabuting manahimik na lang siya kaysa palakihin pa ang issue.

Kumunot ang noo ni Aling Guada pagkakitang lalo niyang ibinagsak ang mga plato. “Josie, Barang, mauna na kayo sa ibaba. Susunod na lang kami.”

Pagkalabas ng dalawa kasama ni Tonyo ay lumapit ito sa kanya. “Ano ba ang problema, Anak? Hindi ba’t inutusan kitang magbihis pero heto ka’t nagbuburo sa kusina.”

Nakahinga siya nang maluwag nang marinig na nagsigawan ang mga tao sa bakuran. Nagkaroon siya ng dahilan na sumilip sa bintana para itago sa ina ang miserableng mukha. “N-nariyan na yata si Nick, Inay,” aniya sa pilit na pinasasayang boses. Isang magarang kotse ang pumasok sa bakuran kasunod ang ilang kotse ng mga bisita.

“Lily, ano ba talaga ang—” Hindi naituloy ni Aling Guada ang pagtatanong nang humahangos muling dumating si Tonyo.

“Aling Guada, ipinapatawag kayo ni Doña Rosita,” anito.

Kumunot ang noo ni Aling Guada at lalong na-tense si Lily. “Bakit raw?” tanong nitong hindi nasisiyahan kapag nakakausap ang doña.

“Pinapatulong kayo sa paghahanda ng pagkain sa malaking mesa.”

“Kung ganoon ay halika na, Lily,” yaya nito. “Tutulong tayong dalawa. Maghugas ka ng kamay at ayaw ni Doña Rosita ang pinaghihintay.”

“Inay, mauna na kayo.”

Hindi na muling nagsalita si Aling Guada pagkakitang malapit nang maiyak ang anak. “Mag-usap tayo mamaya, Anak,” mahina nitong sabi bago tuluyang umalis kasama ng nagtatakang si Tonyo.

Humugot ng malalim na hininga si Lily para pigilan ang mapaiyak. Sumilip siyang muli sa bintana dahil doon ay kitang-kita pa rin niya ang nangyayari sa bakuran.

Bigla ay parang nakalimutan niyang huminga nang mamataan ang pagbaba ng isang matangkad na lalaki sa magarang kotse. Si Nick! Hindi man niya maaninag ang mukha nito ay hindi siya maaaring magkamali. Sa tikas pa lang ay makikilala niya ang kababata kahit saan.

Ilang taon na ba ito nang umalis sa *Hacienda Duarte*? Nineteen years old? Kung ganoon ay twenty-two na ito ngayon. Gusto niyang magsisigaw at kumaway sa tuwa para mahuli ang atensyon ng kababata. Pinagkaguluhan ito ng mga tauhan sa hacienda—mga magsasaka, katiwala, katulong, kaibigan. Marami ang bumabati sa pagdating nito. Muntik na siyang matawa nang makitang halos hindi makasingit si Doña Rosita sa mga tao.

May isang payat na babae na yumakap kay Nick na hula niya ay si Katie na mahilig sa iced tea. Pagkatapos ay nawala na sa paningin niya ang kababata. Nakaramdam siya ng matinding kalungkutan.

Pakiramdam niya ay daig pa niya ang mga bidang babae sa isang soap opera kung mag-emote. Ipinasya niyang tapusin ang pagkikiskis ng kaldero pagkatapos ay sasalubong din siya kay Nick. Wala na siyang pakialam kung magalit si Doña Rosita. Sa isiping iyon ay gumaan ang kanyang pakiramdam.

Mabilis ang mga kamay niya sa trabaho kaya ilang minuto lang ay nahugasan na niya ang pinakahuling kaldero. Sumisipol siya habang hinuhugasan ang maruruming kamay nang may dalawang kamay na humawak sa kanyang baywang.

“Miss, nakita mo ba ang kababata kong si Lily?” natatawang tanong ng isang baritonong boses.

Ang pagkabigla ni Lily ay napalitan ng labis na kasiyahan. “Nick!” Sa sobrang tuwa ay nakalimutan niyang puno ng uling ang mga kamay. Napahawak siya nang mahigpit sa dalawang kamay ng binata. “Ikaw na nga ba ’yan?” Hindi siya makapaniwala sa malaking pagbabago nito sa hitsura. Sa tingin niya ay lalo itong tumangkad at ang dating patpatin na

katawan ay naging matipuno na.

Marami ang nagbago rito. Ang dating mahabang buhok nito na hanggang balikat ay clean cut na at ang mukha ay naragdagan ng maturity sa paglipas ng taon. Kung hindi pa sa nakangiting mga mata at sa pamilyar na nakatikwas na bibig ay hindi niya ito mamumukhaan. Hindi na ito maituturing na totoy, wika nga ng matatanda. Bigla ay parang nag-alinlangan siya.

“Nasabi sa akin ni Aling Guada na nasa kusina si Lily,” pagbibiro nito. “Have you seen her?”

Bumalik ang pagkakangiti niya sa narinig na amusement sa tinig nito. Bakit ba siya mag-aalinlangan? Maaaring gumuwapo na si Nick pero ito pa rin ang kanyang kababata. “Ako si Lily!” sagot niya sa malakas na boses habang nagpipigil na matawa.

“Hindi yata ako naniniwala,” buwisit nito. “Si Lily ay isang dalagitang hindi marunong maligo o magsuklay.”

Tuluyan na siyang natawa. “Hindi ka pa rin nagbabago, Nick. Hindi mo pa rin alam kung paano magbigay ng compliment sa isang babae.” Nailing siya.

“Okay, ano ang nais mong marinig?” tanong nito.

“Kung ikaw nga si Lily ay gumanda ka na.” Sa kabila ng pang-iinis ay puno ng paghanga ang mga mata nito. Bago pa siya nakasagot ay nahawakan nito ang baywang niya at umikut-ikot sila sa loob ng kusina na parang nababaliw.

“Nick, nahihilo ako!” reklamo niya pero nakatawa. Ngayong dumating na ito ay tila nakompleto ang buhay niya. Hindi niya namalayang masyado pala niya itong na-miss sa nakaraang mga taon.

Nang ibaba siya ay nagkunwari itong humihingal. “Ang bigat mo na!”

Tumaas ang isa niyang kilay. “Ano ba ’yang nakikita kong bukol sa braso, ha? Muscles ba ’yan o ano?” insulto niya.

“Of course, muscles!” mabilis na sagot nito. “Kumusta ka na?” Tinapik siya nito sa baba. “Marami na bang nagkakamaling manligaw sa ’yo, ha?”

May pilyang ngiti na sumilay sa mukha niya. “Maraming-marami. Halos hindi ko mabilang!”

Kumunot ang noo nito. “May boyfriend ka na?”

“Marami rin,” nakangiti niyang biro. “Hindi ako nakokontento sa isa.”

“Akalain mo bang ang kababata kong dating

amoy-lupa ay playgirl na pala.”

Namaywang siya. “Sino ang amoy-lupa? Ikaw nga ryan, tinatawag na tagapagmana ng mga Duarte pero daig mo pa ang taong-bundok kung makakilos.”

“At sino ang nagturo sa akin?” tanong nito.

Napakamot siya ng batok. “Ha? Eh, good girl yata ako kaya hindi ako,” pagtatanggol niya sa sarili.

“Good girl?” Tumawa ito nang nakakainsulto. “Lahat ng pagkakataon ay napapaaway ka at ako ang napapasubo.”

“At least, napapatunayan mo sa akin at sa iba na hindi ka weakling. Akala kasi namin ay lembot ka dahil anak-mayaman ka!” tudyong niya.

Gumaan ang loob niya sa mga alaala nila ni Nick. Noong mga bata sila ay matatawag silang team. Madalas nga siyang mapaaway noon dahil sa ginawa ng ama kaya tampulan siya ng tukso ng mga kaklase at kabataan. Natitiis niya ang tudyong ng mga ito pero kapag nadadamay ang inay ay nawawalan na siya ng pasensya. Susugurin niya ang bata kahit na lalaki pa ito. Maliit siya sa kanyang edad kaya naagrabyado siya. Doon napipilitang makipag-away si Nick kapag tinutulungan siya.

Napangiti rin si Nick sa mga alaala. “Noong maliliit pa tayo, I seem to have done everything to prove anything to you. Kapag ibinida mo na magaling umakyat ng puno ang isang bata, kailangan kong higitan ang kakayahan niya. Pati palayuan ng pagdura, natutunan ko!”

“Hindi ko sinabing gawin mo ’yon.” Pinanlakihan niya ng mga mata ang binata.

“I guess... I just wanted to be the best for you. Ayoko ng may nakakahigit sa akin sa mga mata mo.” Nagkibit-balikat pa ito na parang normal na rito ang ganoon.

Bigla ay parang hindi mapakali si Lily sa pagkakatingin sa kanya ng binata na parang may hinahanap ito sa kanyang mga mata. “Ang sabihin mo, Nick, pinapatunayan mo lang sa lahat ng tao sa hacienda na hindi ka lampa.” Pinasaya niya ang tinig sa kabila ng bahagyang tensyon.

Umiling ito. “Wrong, Lily. Pinapatunayan ko sa ’yo na hindi ako lampa. Ngayong malalaki na tayo, ano naman kaya ang kailangan kong patunayan sa ’yo?” mahina nitong tanong.

Umiwas siya ng titig dahil magkalapit na magkalapit ang kanilang mga mukha. “Na ikaw pa

rin sana ang dati kong kaibigan.”

“Okay,” simpleng sagot nito.

Hindi siya nakapaghanda nang bigla nitong hawakan ang magkabilang pisngi niya at sandaling hinalikan sa labi. Pakiramdam niya ay nakuryente siya sa maikling contact! Hindi niya maintindihan ang sarili; hindi niya alam kung lalamigin siya o lalagnatin. “B-bakit mo ako hinalikan?” anas niya. Napaatras siya palayo rito.

“Welcome kiss. Masama na ba ’yon?” natatawang tanong nito. “Bakit ba parang natuka ka ng ahas?”

Humugot siya ng malalim na hininga para kalmantehin ang sarili. Nag-overreact yata siya sa isang inosenteng sitwasyon! “H-hindi lang kasi ako sanay,” mabilis niyang paliwanag.

“Eh, di sanayin natin,” pilyong sagot nito.

Muntik na siya mapatakbo nang tangkain siya nitong lapitan upang muling halikan. “Teka, teka!” Itinaas niya ang dalawang mauling na kamay sa harapan. “Hindi na kailangan. Okay na sa akin ’yong malakas na kabog sa likod bilang pagbati. I mean, nasanay na ako roon,” paliwanag niya. Diyos ko! Parang gustong maumid ang dila niya sa lakas ng kabog ng kanyang dibdib.

“Lily, malalaki na tayo. We should act civilized. Natutunan ko sa America na halikan ang isang tao bilang pagbati,” palusot nito.

“Talaga?” Nanlaki ang mga mata niya. “Pati lalaki?”

“Babae lang,” seryosong tugon nito.

Naningkit ang mga mata niya. “Huwag mo nga akong paglolokohin!” Nagsisimula na siyang mainis dito. Apektadung-apektado siya sa ginawa nitong paghalik sa kanya pero para rito ay bale-wala iyon. “Huwag mo na akong hahalikan uli.”

“Bakit?”

“Basta!” singhal niya. “Mabuti pa’y bumalik ka na sa party mo. Baka hinahanap ka na ng ’yong mga bisita.”

“Siyanga naman, Hijo.” Biglang nagsalita sa may pintuan ng kusina ang matagal nang nagmamasid na si Doña Rosita. “Ano ba ang ginagawa mo rito sa kusina? The guests are wondering kung nasaan ka—” Nanlaki ang mga mata nito nang mapansin ang mauling na damit ni Nick. “What happened to you?”

Gustong itago ni Lily ang maruruming kamay sa matigas na pagtitig ni Doña Rosita sa kanya.

“Kinukumusta ko lang si Lily, Mama,” nakangiting sagot ng binata.

“Kailangan pa bang dito sa kusina?” Nakangiti ang doña pero kumukulo ang dugo nito sa pagkainis.

Natawa ito. “Mama, kaunting dumi lang ito, hindi nakakamatay.”

“Tama ang mama mo, Nick,” matigas na sabi ni Lily. “Hindi ka dapat rito sa kusina.” Namula ang mukha niya nang maisip ang posibilidad na nasaksihan ni Doña Rosita ang nangyari ilang minuto ang nakakaraan. Sa pagkapahiya ay tinalikuran niya ang dalawa upang magkunwaring busy sa pag-aayos ng mga gamit.

“Hindi ka rin nararapat rito,” naiinis na saad ni Nick sa pagkakatang nangungusina ang dalaga. “Bakit nga pala hindi ka sumalubong sa akin?”

Napatingin siya sa natigilang si Doña Rosita at bigla ay parang nais niyang pakabahin ang masyadong pormal na doña. “Mayroong pumipigil sa akin.”

“Sino?” Kumunot ang noo ni Nick.

Napansin niyang kinakabahan na ang matandang babae. Kung may iniwasan ito ay ang pagalitin ang nag-iisang anak sa unang araw nito sa *Hacienda*

Duarte. Pinigilan niya ang matawa. “May—”

“She’s busy, Hijo,” sabad ng doña. “Kailangan mo pa bang istorbohin si Lillian?”

“Mama, si Lily ay hindi isang katulong.” Nagsisimula nang magalit si Nick. “Masyado na ba tayong naghihirap para kulangin sa kasama sa bahay?”

“Aba’y hindi, Hijo!” mabilis na salo nito. “Lillian volunteered to help.”

“Kaya hindi na siya makalabas para salubungin ako?” Sarkastiko ito.

Namula si Doña Rosita. “Mabuti pa’y lumabas na tayo. Susunod na lang si Lillian,” nanunuyong saad nito.

“Naku, marami pa ho akong gagawin rito,” pilyang sabad niya.

“I insist, Hija.”

“Masyado ho kayong mabait,” nakangiti niyang pahayag. Nagpigil siyang matawa sa pagpipilit magpakabait ng doña sa harapan ng anak.

Nakamasid si Nick sa palitan ng salita ng dalawa. “Mama, kakausapin ko muna si Lily. Mauna na kayo

sa labas.”

“Pero, Hijo—”

“Mama, sige na,” matigas na sabi nitong hindi na mababali ang salita.

Napilitang lumabas si Doña Rosita pero bago ito umalis ay tinapunan nito ng mapanuring titig si Lily na parang nagsasabing: *Huwag mong samantalahin ang pagkakataon!* “Naghihintay si Katie, Hijo. Huwag kang magtatagal.” Pagkasabi niyon ay pabalibag nitong isinara ang pinto sa kusina.

“Mukhang gusto ng mama mo si Katie para sa ’yo,” tukso niya sa kababata. Bigla ay hindi siya mapakali sa katahimikang namayani sa kusina kaya ipinasya niyang ayusin na rin ang jars na nakakalat sa gilid ng lababo. Bakit ba sinusundan siya ng mapanuring titig ni Nick na parang may malaki siyang kasalanan?

“Bakit ka nagpapakatulong kay Mama, Lily?” mahinang tanong nito.

“Ano ba ang pinagsasabi—” Nagulat siya nang bigla ay halbutin nito ang hawak niyang basahan.

“Bitiwan mo ’yan.” Nanggigigil ito. “Hindi ka katulong rito, okay?”

Uminit na rin ang ulo niya. Kung magsalita

ito ay parang nasisiyahan siya sa katayuan niya sa buhay. “Anak ako ng katulong. Alam ko kung saan ako lulugar.”

“Maghugas ka ng kamay, Lily,” matigas na utos nito. “I want to see you at the party when I’ve changed clothes.”

“At kung ayaw ko?” tudyo niya.

“Kakaladkarin kita roon,” kaswal nitong sagot.

Namula ang mukha niya sa galit. “Subukan mo lang. H-hindi na kita kakausapin kahit kailan!” Maaaring naging guwapo na si Nick pero hindi pa rin ito nagbabago sa dating ugaling mapilit at makulit. “Ano ba ang ikinagagalit mo, ha?”

Humugot ito ng malalim na hininga para kalmantehin ang sarili. “I hate it when I see you... working here in the kitchen like this. For God’s sake, nawala ako ng tatlong taon...!” Bigla ay namula rin ang mukha nito.

Lumiwanag ang mukha niya nang maintindihan sa wakas ang ikinaiinis nito. “You’re offended dahil hindi ako nakasalubong sa ’yo?” manghang tanong niya. Hindi niya napigilan ang matawa pagkakitang lalong namula ito.

“Ano ang masama roon?” Naiinis ito. “Anong klase kang kababata para bale-walain ang pagdating ko?”

Lalong lumakas ang pagtawa niya dahil kung magsalita ito ay parang bata na hindi nasunod ang gusto sa ina. Nakita niyang napapangiti na rin ito. “I’m sorry, Nick. Marami lang kasing trabaho,” palusot niya. Hindi man si Doña Rosita ang pinakapaborito niyang tao sa balat ng lupa ay hindi pa rin niya sasadyaing sirain ito sa mata ng sariling anak.

“Mas importante pa pala ang maruruming kaldero sa akin?” nakangiting tanong nito.

Umiling siya. “Nick, hindi mo lang alam kung gaano ka kaimportante sa akin.” Kung may pinakamamahal siyang tao ay sina Nick at Aling Guada ang una niyang maiisip. Lahat ng mabubuti at magagandang bagay sa kanyang nakaraan ay naroon ang dalawa.

“Importante ka rin sa akin kaya gusto kong naroon ka sa party. Hindi iyon kompleto kapag wala ka.”

Tumango lang siya sa labis na kaligayahang bumalot sa kanyang puso.

Kinuha nito ang maruruming kamay niya. “Ang

Higit Pa Sa Aking Buhay - Precy Fontanilla

mga kamay na ito'y hindi para sa kusina, naiintindihan mo? Ayokong nakikita pa kitang muli na naglilinis ng kaldero. Gusto ko sa akin lang ang mga oras mo. Understood?"

Natawa siya. "Ano ang magiging papel ko? Alalay o bodyguard?"

"Ano kaya kung girlfriend?" pagpapatawa nito.

"Ha-ha-ha," sarkastiko niyang sagot. Ang totoo ay kinabahan siya sa biro nito.

3

“Lily, ano’ng ginagawa mo rito?” nadidismayang bungad ni Celia, ang kaibigan at kaklase ng dalaga na nakatira sa kabayanan.

“Binibisita ka, ano pa?” takang sagot niya habang nakatayo pa rin sa labas ng bakuran nito. “Hindi mo ba ako papapasukin?”

Alas siete ng umaga pa lang ay umalis na siya sa *Hacienda Duarte* dahil pakiramdam niya ay hindi na siya makahinga sa paninikip ng dibdib. Sabihin na ngang bumalik na si Nick sa hacienda pero halos hindi niya ito makausap at makasama dahil kay Katie! Uminit na naman ang ulo niya pagkaalala sa kababata. Nagbago na nga yata ang taste nito sa mga babae dahil napagtitiyagaan nito si Katie na maliban sa nakakairitang tumawag ay saksakan pa ng kaartehan. Noong gabi ng welcome party nito ay halos hindi sila makapag-usap dahil sumingit ang babae. Hindi nagtagal ay nasa likuran na siya nito at sinolo na ang atensyon ni Nick. Mayamaya ay nagyaya itong sumayaw at sa panggigigil niya ay parang linta ito kung makakapit sa binata. Sa labis na pagkainis ay maaga siyang umalis sa party.

Kinabukasan, nakukuha na niyang mapangiti dahil mag-aalisan na si Katie at ang ibang bisita sa *Hacienda Duarte*. Hindi pala siya dapat magsaya dahil nabungaran niya sa kuwadra sina Nick at Katie. Mangangabayo ang dalawa at balak ng maarteng babae na magbakasyon nang isang linggo sa hacienda. Kaya nang yayain siya ng binata na sumama sa kanila ay hindi niya ito pinansin. Wala yata siyang oras na makipagplastikan sa babaeng iyon!

“Bakit mukha ka yatang nalugi?” interesadong tanong ni Celia.

“May asungot kasi sa hacienda,” nakasimangot niyang sagot.

“Dati nang may asungot r'on, hindi ba?” tukoy nito kay Doña Rosita. “Akala ko ba'y nasanay ka na?”

Hindi niya nakuhang matawa sa pagbibiro ng kaibigan. Miserable siya dahil hindi siya sanay na may kaagaw sa atensyon ni Nick. Noong bago umalis patungong Amerika ang binata ay may mga nililigawan itong iba't ibang babae sa bawat linggo na pulos magaganda pero hindi siya nababale-wala nang ganito. Kapag nagyaya siyang lumabas at nagkataon na may date ito ay siya pa rin ang ipa-prioritize nito. Pero nagbago na nga yata ito. Sa tingin niya ay mas mahalaga pa rito ang babaeng patpatin kaysa sa

kanya!

“Hindi mo ba ako papapasukin, Celia? Mag-usap na lang tayo sa loob ng bahay ninyo.”

“Ha? Eh....” Nagdadalawang-isip ito.

Naningkit ang mga mata ni Lily. “Teka, ayaw mo ba akong papasukin sa bahay ninyo?” Luminga siya sa paligid. “May itinatago ka ba sa akin?” Pinilit niyang magbiro. “Huwag mong sabihing may manliligaw ka nang ganito kaaga?”

“W-wala, Lily. Kasi, naglilinis ng bahay si Inay. M-maalikabok sa loob—” Nagkakandabuhol ang dila nito.

“Ano naman sa akin?” sabad niya. “Umupo na lang tayo sa ilalim ng puno. Basta ba papasukin mo na ako.” Napansin niyang hindi nagustuhan ni Celia ang suhestyon niya.

“Ano kaya kung lumabas na lang tayo? Kumain tayo ng agahan sa kantina ni Aling Remy.” Lumiwanag ang mukha nito sa naisip.

“Okay,” napipilitang sagot niya. “Pero magbihis ka muna.” Tiningnan niya ang suot nitong shorts at sleeveless blouse.

“Bakit kailangan ko pang magbihis?” takang

tanong nito. “Ayos na ito!”

Doon niya na-realize kung gaano ito kadesperada na mailayo siya sa bahay nito. Si Celia ay konserbatibong manamit kapag lumalabas sila. Hindi nito gustong tinitingnan ito ng kalalakihan sa daan kaya iniwasan nitong magsuot ng shorts sa paglabas-labas nila. “Celia, mabuti pa’y dumito na lang tayo sa inyo. Kung pupunta tayo sa kantina ni Aling Remy, bobombahin tayo n’on ng tsismis. Magtatanong ’yon nang kung anu-ano tungkol kay Nick. Sa ngayon ay ayaw ko pa siyang pag-usapan.”

Natigilan ito sa paghila sa kanya nang maisip na hindi nga makakabuti sa kanya ang tsismis nang umagang iyon. “Saan mo gustong pumunta tayo?” kinakabahan nitong tanong.

Bumuntunghininga siya. “Celia, kahit saan dito sa loob ng bakuran ninyo.” Bago pa makapagreklamo ang kaibigan ay nakapasok na siya sa loob.

“Lily, hindi tayo maaaring mag-usap rito—” Natigilan ito nang umalingawngaw sa buong compound ang malakas na sigawan ng dalawang taong nag-aaway. Nagmumula ang ingay sa isa sa mga apartment.

“Mukhang may boarders na kayo,” komento niya.

Mabilis itong tumango. “O-oo. Mabuti pa’y sa loob na nga tayo ng bahay.” Napapikit ito nang marinig ang nababasag na kasangkapan kasunod ng pabalibag na pagbubukas ng pinto. Nataranta ito. “Tara na sa loob!” Nagmamadali siya nitong hinila.

“Ito ba ang itinatago mo sa akin, Celia?” Nagsisimula na siyang mapangiti nang makitang lumabas ang babaeng boarder na mukhang prostitute kung gumayak at kumilos.

“Matandang lasenggo! Magpakamatay ka sa alak mo at maghahanap ako ng ibang lalaki ko!” sigaw nito. Lalo nitong ibinaba ang suot na strapless blouse upang makita ang cleavage ng malalaking boobs nito, inayos ang buhok at humugot ng malalim na hininga na parang kinakalmante ang sarili.

Unang pagkakita niya sa babae ay nakaramdam siya ng pagkaawa. Mukha nga itong prostitute na nalipasan na ng panahon sa maputlang kutis, puno ng makeup na mukha at walang buhay na buhok. Wala na rin sa tamang korte ang katawan nito sa mga bilbil na nahahalata sa fitted blouse na suot.

“Buwisit ka sa buhay kong matanda ka!” Hindi pa rin ito tumitigil sa masasamang salita. “Kung hindi lang kita mahal noon ay hindi na sana kita sinamahan!”

“Lily, huwag na tayong makinig,” bulong ni Celia habang pilit siyang hinihila patungo sa loob ng bahay nito.

Tatalima na sana siya nang lumabas sa pintuan ng apartment ang matandang lalaki na inaaway ng babae. Nawalan ng kulay ang mukha niya nang mapagmasdang mabuti ang hitsura nito. Maaaring tumanda na ito ngunit hindi niya makakalimutan ang mukha ng kasumpa-sumpang ama! Ilang beses niyang pinangarap na muling makaharap ito para masumbatan niya sa lahat ng pasakit na dinanas nilang mag-ina. Lahat ng mga bagay na iniyakan nilang mag-ina ay bunga ng pagiging iresponsable nito. Ngayong nasa harap niya si Toto Sarmiento ay hindi siya makapagsalita sa halu-halong emosyon sa kanyang puso.

“Lily!” Nag-aalala si Celia at mabilis na nahawakan ang isang braso niya dahil parang matutumba siya. “Ayos ka lang?”

Tumango siya. Gusto niyang umalis dahil hindi niya napaghandaan ang araw na iyon. “B-bakit narito sila?” mahina niyang tanong.

“Ewan ko. Dumating lang sila kahapon.” Umiling ito na parang nahihiya. “Kung ako ang masusunod ay hindi ko sila patitirahin rito. Kaibigan kita kaya

alam kong galit ka sa itay mo.”

“Huwag kang mag-alala.” Hinawakan niyang sandali ang kamay ng kaibigan nang sa wakas ay maintindihan niya ang pagkabalisa nito. “Wala akong karapatang magalit sa ’yo.”

“Mabuti pa’y umalis na muna tayo rito—”

“Hindi, Celia.” Hinarap niya ang eksena kung saan ay nagpapalitan pa rin ng masasamang salita ang ama at ang babaeng prostitute. “Gusto kong masaksihan kung gaano kasama ang Itay,” matigas niyang pahayag.

Nasa labas na ng bakuran ang dalawa. Nakita niyang naglalabasan na ang mga kapitbahay ni Celia para saksihan ang sigawan ang mga ito.

“Putragis na babae kha!” lasing ang tinig na sigaw ni Toto Sarmiento. “Bhumalik ka rito!” Iwinagayway nito ang walang lamang bote ng alak.

“Hindi ako magbuburo sa ’yo, Toto! Magsawa kang magpakalunod sa alak at maghahanap ako ng sarili kong pagkakaabalahan!” ganting sigaw nito. Kekembut-kembot itong umalis sa gitna ng tawanan ng mga kapitbahay.

“Ano ang pinagtitinginan ninyo riyan?” sigaw ni

Toto sa mga tao. “Magsilayas kayong mga tsismoso! Mga usishero!” Susuray-suray itong pumasok sa bakuran at pabalyang isinara ang gate. “Babae. Hindi mo maasahan sa oras ng pangangailangan.” Bubulung-bulong ito. “Buong buhay mo’y ibibigay sa kanya pagkatapos ay hindi ka man lang iwanan ng pambili ng alak.” Nahulog mula sa kamay nito ang bote ng alak at mahinang bumagsak sa lupa; nagpagulung-gulong iyon hanggang sa makarating sa paanan ni Lily.

“Wala ka na bang perang pambili ng alak, Toto Sarmiento?” matigas na tanong ng dalaga. Walang ekspresyon ang kanyang mukha pero sa loob-loob ay nag-uumapaw siya sa galit at hinanakit. Labing-apat na taon ang utang sa kanya ng ama. Labing-apat na taon ng kahihyan at kahirapan. Gusto niyang gumanti sa kahit anong paraan. Ang lalaki ay wala nang dignidad na maipagmamalaki.

“Bibigyan mo ba ako, Ineng?” Sumilay ang pag-asa sa mukha ni Toto pagkakita sa magandang dalaga na nakamasid dito. Lumapit ito sa kanya at saka natigilan. “Kilala ba kita?”

“Hindi mo ako kilala,” sagot niya.

“Lily—”

“Pabayaang mo ako, Celia,” sabad niya sa nagbabawal na tinig ng kaibigan. Hindi niya napansin na may kotseng tumigil sa harap ng bakuran. Bumaba si Nick at pumasok din sa bakuran nang bahagyang kumaway si Celia.

Nagmamadaling naglakad palapit si Nick nang mapansing kinakabahan si Celia. Samantala, nakita nito na may kausap si Lily na matandang lalaki na halatang lasing.

“Pauutangin mo ba ako, Ineng? ’Yong walang kuwentang babae na umalis kanina ay hindi ako iniwanan ng pang-alak. Nagkakasakit kasi ako kapag hindi nakakatikim ng alak.” Bahagya pa itong tumawa.

Nanginginig ang kamay ni Lily nang dumukot siya ng pera sa bulsa. “Marami na ho kayong utang sa akin. Sa palagay ko’y hindi ninyo mababayaran lahat.”

“Anong utang? Si Toto Sarmiento ay nagbabayad ng utang kahit gaano pa ito kalaki! Kahit itanong mo pa ’yan sa mga kapitbahay, Ineng.”

Mapait ang kanyang ngiti. “May mga utang na hindi nababayaran ng pera.” Huminga siya nang malalim para mapigilang manginig ang boses.

Ang lalaki sa harapan niya ay isang lasenggong estranghero. Wala siyang maramdaman na kahit kaunting pagmamahal o pagmamalasakit dito. Ni ang tinatawag na lukso ng dugo ay hindi niya mahanap sa kanyang puso. Ang pinipigilan niyang maramdaman ay pagkaawa. Kahit kaunting awa ay hindi nararapat sa ama dahil sa ginawa nito. “Ito ba ang kailangan mo?” Iwinagayway niya ang pera sa mukha nito.

Tumango si Toto at hinimod ang labi na parang natitikman na ang serbesa sa bibig.

“Bakit hindi kayo magtrabaho?” Wala siyang balak magbigay ng pera at ginagamit lamang iyon para uyamin ang matanda. “Kung may pera kayo’y hindi na ninyo kailangang mapahiya pa sa pangungutang.”

Sa kabila ng kalasingan ay nakadama ng pagkapahiya si Toto. Namula ang magkabila nitong pisngi. “Matanda na ako—”

“Wala ho ba kayong anak?” sabad niya.

May kalungkutan na dumaan sa mukha ni Toto, isang mukha na kahawig ni Lily. “May anak ako noon,” malungkot nitong sagot.

“P-patay na siya?” Naramdaman niya ang pagdantay ng isang kamay sa kanyang balikat.

Pagtingin niya ay si Nick ang naroon, nagbibigay ng suporta sa pinakaimportanteng parte ng kanyang buhay.

“Patay na siya,” ulit ni Toto. Bigla itong napayuko na parang natalo. “P-patay na siya.”

“Kaawa-awa pala kayo,” nang-uuyam niyang pahayag. Tatalikod na sana siya nang pigilan ni Nick.

“Hindi mo ba ibibigay ’yan?” tanong nito.

Hindi niya namalayan na nakakuyom sa kanyang kamay ang pera. Itinuring na siyang patay ng sariling ama kaya ituturing na rin niya itong patay na. Pipilitin niyang kalimutan ang mapait na nakaraan para muli siyang mabuhay. “Heto ang pera,” aniya, sabay tapon sa paanan ni Toto.

Inakbayan siya ni Nick at nginitian. “Umuwi na tayo,” anito.

Naiiyak na tumango siya at hindi lumilingon na lumakad na palayo habang inihahatid sila ni Celia sa kotse.

“Ineng, ano nga pala ang pangalan mo?” habol ni Toto na nasisiyahan dahil may pambili na ito ng alak. “Sino ka ba, ha?”

“Hindi na ho mahalaga kung sino ako,” sagot

niyang hindi lumilingon.

“Pero paano ako magbabayad?” pangungulit nito.

“K-kalimutan n’yo na ho ’yon. Ituring ninyong bayad na ang lahat ng utang ninyo.” Hindi na niya hinintay ang iba pa nitong sasabihin. Sumakay na siya ng kotse at nakahinga nang maluwag nang mailayo ni Nick ang sasakyan bago pa siya tuluyang napaiyak.